


# Mga Karapatang Pantao sa Terrace

Ang Terrace ay tahanan para sa



22% ng mga naninirahan sa Lungsod ng Terrace ay Indigenous

11% ay visible minorities.

habang ang paligid na lugar ay may populasyon ng humigit-kumulang sa 19,000 tao.


## Ang pamamahay at karalitaan ay mga malalaking isyu ng mga karapatang pantao sa Terrace

### Ang homelessness ay mabilis na dumarami

Natuklasan ng 2023 Terrace Homeless Count na may 156 táong homeless sa Terrace, mula 107 noong 2022.

84 porsiyento ng lahat ng mga táong dumaranas ng homelessness sa Terrace ay Indigenous, ngunit sila'y 22 porsiyento lamang ng pangkalahatang populasyon.

### Ang access sa health care ay isang isyu ng mga karapatang pantao sa Terrace



Ang recruitment at retention ng family physicians ay isang paghahamon para sa komunidad. Ang Terrace ay magbubukas ng bagong regional hospital sa 2025. Gayunman, may mga alalahanin kung paano kukuha ng staff para sa bagong ospital dahil kasalukuyang mahirap mag-recruit at mag-retain ng staff.

Ang diskriminasyon laban sa mga Indigenous na tao, mga táong dumaranas ng homelessness, mga táong may mga paghahamon sa pangkaisipang kalusugan, at mga táong gumagamit ng droga o alak ay isang hadlang sa mga serbisyo sa kalusugan na available sa komunidad.

### Ang toxic drug emergency

Noong 2022, ang Terrace ay ang pangalawang may pinakamataas na unregulated drug fatality rate sa B.C. Mula 2015 hanggang 2023, 92 tao sa Terrace ang namatay mula sa toxic drug supply.


Para magpa-detox at magpagamot para sa addiction, ang mga tao ay kadalasang kailangang magbiyahe gamit ang bus mula Terrace hanggang Vancouver (16 oras) o Prince George (10 oras).



British Columbia's  
Office of the Human Rights  
Commissioner

## Karahasan dahil sa kasarian

Ang karahasan dahil sa kasarian na may kinalaman sa resource sector ay isang isyu ng mga karapatang pantao sa Terrace. Ang mga Indigenous na kababaihan ay humaharap ng diskriminasyon mula sa health care providers at mga tagapagtupad ng batas kapag sinusubukan nilang humingi ng tulong.



## Diskriminasyon sa edukasyon

Ang hindi patas na pagtratrato sa mga Indigenous na estudyante, mga estudyanteng may mga kapansanan, at LGBTQ2SAI+ na mga estudyante ay isang hadlang sa edukasyon sa Terrace.

### Tungkol sa Office of the Human Rights Commissioner (BCOHRC) ng BC

Sa ilalim ng *Kodigo ng mga Karapatang Pantao* ng B.C., ang Human Rights Commissioner ng B.C. ang siyang may pananagutan sa pagtaguyod at pagprotekta ng mga karapatang pantao sa province. Nangangarap ang Office of the Human Rights Commissioner (BCOHRC) ng B.C. na magkaroon ng province na malaya sa di-pagkakapantay-pantay, diskriminasyon, at kawalan ng hustisya, kung saan itinataguyod natin ang mga karapatang pantao para sa lahat at tinutupad natin ang ating mga responsibilidad sa isa't-isa. Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa aming tanggapan sa aming website sa [bchumanrights.ca](http://bchumanrights.ca)

### Ang BCOHRC Baseline project sa Terrace

Ang BCOHRC Baseline Project ay isang community research project na nagtatagal nang ilang taon para matiyak ang sitwasyon ng mga karapatang pantao sa B.C. Ang Terrace ay isa sa apat na mga komunidad na lumahok. Ang trabahong ito ay hindi sana naging posible kung hindi kasali ang Community partners ng Terrace: Terrace and Community District Social Services at ang Terrace chapter ng Council of Canadians.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kasaysayan ng mga karapatang pantao sa Terrace, mangyaring konsultahin ang Terrace Community Brief sa [baseline.bchumanrights.ca/terrace](http://baseline.bchumanrights.ca/terrace)